

# PROYEKTO NG CALIFORNIA HIGH-SPEED RAIL

---

## Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose:

### Nirebisang Draft na Ulat ng Epekto sa Kapaligiran/Suplementong Draft na Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran

Inihanda ng

**California High-Speed Rail Authority**

If you need assistance to interpret or translate this memorandum in a language other than English, please call (800) 435-8670 for assistance. Si necesita ayuda para traducir o interpretar esta carta, hay personal que habla español está disponible para ayudarle. Sírvase llamar al (800) 435-8670. 如果您需要有人幫助您翻譯或口譯本信函，會說中文的工作人員將會幫助您。請撥打 (800) 435-8670. Nếu bạn cần trợ giúp phiên dịch hoặc diễn giải bức thư này, nhân viên nói tiếng Việt sẽ có sẵn để hỗ trợ bạn. Vui lòng gọi (800) 435-8670 để được hỗ trợ. Kung kailangan mo ng tulong upang isalin ang liham na ito sa wikang bukod sa Ingles, mangyaring tumawag sa (800) 435-8670.

#### **1 Bagong Dokumentong sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose na Nakatuon sa Nilalaman ng Pagsusuri sa mga Bagong Biyolohikal na Mapagkukunan at Uri ng Disenyo ng Plano ng Pagbabawas ng Lugar sa Millbrae Station**

---

Ang California High-Speed Rail Authority (Authority) ay naglalabas ng limitadong rebisyon sa dati nitong inilathalang Draft na Environmental Impact Report (EIR, Ulat ng Epekto sa Kapaligiran)/Environmental Impact Statement (EIS, Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran) para sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose (Seksyon ng Proyekto, o proyekto) ng California High-Speed Rail (HSR, Napakabilis na Tren) System na alinsunod sa California Environmental Quality Act (CEQA, Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California) at sa National Environmental Policy Act (NEPA, Batas sa Patakaran sa Kapaligiran ng Bansa). Ang pag-aaral sa kapaligiran, konsultasyon, at iba pang mga aksyong iniaatas sa mga naaangkop na pederal na batas sa kapaligiran para sa proyektong ito ay isinasagawa o isinagawa ng Estado ng California alinsunod sa 23 United States Code (U.S.C., Kodigo ng Estados Unidos) Seksyon 327 at isang Memorandum of Understanding (Memorandum ng Pag-unawa) na pinetsahan noong Hulyo 23, 2019, at ipinatupad ng Federal Railroad Administration (Pederal na Pangasiwaan ng Riles ng Tren) at ng Estado ng California.

Ang dokumentong ito ay pinamagatang *Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose Nirebisang Draft na Ulat ng Epekto sa Kapaligiran/Suplementong Draft na Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran* (Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS). Alinsunod sa Seksyon 15088.5, mga subdibisyon (c) at (f)(2) ng mga Patnubay ng CEQA, ang dokumentong ito ay limitado sa mga bahagi ng dating inilathalang Draft na EIR/EIS na nangangailangan ng rebisyon. Ang impormasyong hindi nirebisa ay matatagpuan sa dating inilathalang Draft na EIR/EIS na makikita sa website ng Authority ([www.hsr.ca.gov](http://www.hsr.ca.gov)). Hinihiling ng Authority sa limitahan ng mga nagrerepaso ang saklaw ng kanilang mga komento sa nirebisang impormasyon sa loob ng Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS.

Ang Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS ay inihanda at kasalukuyang ginagawang makukuha alinsunod sa parehong CEQA at NEPA at nagpapakita ng panibagong pagsusuri sa biyolohikal na mapagkukunan para sa monarch butterfly at isang pagsusuri sa uri ng disenyo para sa Millbrae Station, wala sa alinman ang isinama sa Draft na EIR/EIS.

#### *Mga Biyolohikal na Mapagkukunan—Species na may Bagong Espesyal na Katayuan*

Pagkatapos ng publikasyon ng Draft na EIR/EIS ng Authority noong Hulyo 2020, ang monarch butterfly (*Danaus plexippus*) ay naging kandidato para sa pagkakalista sa ilalim ng federal Endangered Species Act (FESA, pederal na Batas sa mga Nanganganib na Species) noong Disyembre 15, 2020 (82 *Pederal na Rehistro* 81813, Disyembre 17, 2020.) Sa aksyong ito ng U.S. Fish and Wildlife Service (Serbisyo sa mga Isda at Buhay-Ilang ng Estados Unidos) sumasailalim ang monarch butterfly sa depinisyon ng species na may espesyal na katayuan na ginagamit ng Authority para sa pagsusuri: “Ang mga halaman o buhay-ilang na nakalista o iminumungkahi para sa pagkakalista bilang may banta o nanganganib sa ilalim ng FESA (16 U.S.C. § 1531 et seq.)”

Ang monarch butterfly ay ipinagpapalagay na may presensya sa lugar ng pag-aaral sa mapagkukunan para sa mga alternatibo ng proyekto na nakabatay sa mga rekord ng kasaysayan at pagkakaroon ng naaangkop na tirahan para sa species. Dahil ito ay isang panibagong potensyal na epekto na hindi kasama sa Draft na EIR/EIS, napagpasyahan ng Authority na ang pagsusuri sa epektong ito ay dapat isama sa muling ipinamahaging dokumento. Dahil dito, kasama sa Biyolohikal at Pandagat na Mapagkukunan, ng Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS na ito ang karagdagang pagsusuri at mga nirebisa at bagong hakbang sa pagpapahupa na nauugnay sa monarch butterfly.

#### *Uri ng Disenyo sa Plano ng Pagbabawas ng Lugar sa Millbrae Station*

Binuo ng Authority ang Uri ng Disenyo ng Plano ng Pagbabawas ng Lugar sa Millbrae Station (Uri ng Disenyo ng RSP) upang tugunan ang mga pangamba ng stakeholder sa pamamagitan ng pagsusuri sa mas maliit, potensyal na marka para sa disenyo ng istasyon sa lokasyong ito. Pinananatili ng Uri ng Disenyo ng RSP ang mga pangangailangan sa right-of-way (karapatang maunang dumaan) ng track at platform ng HSR ngunit muling binabago ang mga pasilidad, parking sa istasyon, at pag-access upang mabawasan ang mga epekto sa mga kasalukuyan at naiplanong pagpapaunlad. Naiiba ang Uri ng Disenyo ng RSP sa disenyo ng Millbrae Station na sinuri sa Draft na EIR/EIS (Disenyo ng Millbrae Station) sa pamamagitan ng pag-alis sa mga surface parking lot sa kanlurang panig ng paghahanay na magsisilbi sana bilang pamalit sa parking para sa nawalan ng lugar na mga espasyo ng parking ng Caltrain at Bay Area Rapid Transit; paglilipat ng bulwagang pasukan ng HSR station; pag-aalis sa mga pagbabago sa lane sa El Camino Real; at pag-alis sa California Drive extension north ng Linden Avenue patulong El Camino Real mula sa proyekto. Ang Uri ng Disenyo ng RSP Design Variant ay pantay-pantay na iaangkop sa alinman sa alternatibo ng proyekto—Alternatibo A o Alternatibo B.

Dahil ang Uri ng Disenyo ng RSO ay potensyal na alternatibong naiiba sa Disenyo ng Millbrae Station ay babawas sa ilang malalaking epekto sa kapaligiran ng proyekto, napagpasyahan ng Authority na ang pagsusuri sa Uri ng Disenyo ng RSP ay dapat isama sa muling ipinamahaging dokumento. Dahil dito, ang Seksyon 3.20, Uri ng Disenyo sa Plano ng Pagbabawas ng Lugar sa Millbrae Station, sa Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS, ay sumusuri sa mga epekto sa kapaligiran ng Uri ng Disenyo ng RSP.

#### *Nirebisang Draft na Ulat ng Epekto sa Kapaligiran/Suplementong Draft na Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran*

Alinsunod sa gabay na nakasaad sa ilalim ng CEQA at NEPA,<sup>1</sup> ang Authority, bilang namumunong ahensya ng CEQA at NEPA para sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose, ay

---

<sup>1</sup> Mga Patnubay ng CEQA, Seksyon 15088.5; 40 Code of Federal Regulations (C.F.R., Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon) Seksyon 1502.9(c)(1)(ii) (1978). Ang Council on Environmental Quality (CEQ, Konseho sa Kalidad ng Kapaligiran) ay naglabas ng mga bagong regulasyon, epektibo sa Setyembre 14, 2020, na nag-a-update sa mga paraan ng pagpapatupad ng NEPA sa 40 C.F.R. mga Bahagi 1500–1508. Ngunit, dahil sinimulan ng proyektong ito ang proseso ng NEPA bago mag-Setyembre 14, 2020, hindi ito sumasailalim sa mga bagong regulasyon. Ang Authority ay dumedepende sa mga regulasyon dahil umiiral ang mga ito bago ang Setyembre 14, 2020. Samakatuwid, ang lahat ng pagbanggit sa mga regulasyon ng CEQ sa dokumentong ito ay

naglalabas ng Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS na limitado sa mga bahagi ng Draft na EIR/EIS na nangangailangan ng rebisyon batay sa bagong impormasyong inilalarawan sa itaas. Kabilang sa bagong impormasyon sa Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS na ito ang impormasyon sa kasaysayan, paglalarawan sa Uri ng Disenyo ng RSP, pamamaraan, pagsusuri sa epekto, at mga hakbang sa pagpapahupa.

Sa abot na praktikal, ang patayong linya ng sa gilid ay nagpapahiwatig ng malaking pagbabago sa teksto simula ng publikasyon ng Draft na EIR/EIS; hindi tinutukoy ang maliliit na editoryal na pagbabago at paglilinaw. Ang Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS ay binubuo ng siniping teksto kung saan ang mga update at pagdadagdag na nauugnay sa monarch butterfly ay ginawa sa loob ng Seksyon 3.7 at Seksyon 3.18. Sa mga Seksyong ito, ginagamit ang mga elipsis upang matukoy kung saan ang teksto mula sa Draft na EIR/EIS ay nananatiling hindi nagbabago at samakatuwid, ay hindi kasama sa Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS. Kasama rin sa Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS ang bagong Seksyon 3.20 na sumusuri sa mga epekto sa kapaligiran ng Uri ng Disenyo ng RSP at nagpapakita ng bagong impormasyon na hindi kasama sa Draft na EIR/EIS. Ang lahat ng talahanayan sa Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS ay nagpapakita lamang ng impormasyong nauugnay sa bago o ini-update na pagsusuri. Ang mga seksyon at apendiseng naglalaman ng Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS ay:

- Seksyon 3.7, mga Biyolohikal at Pandagat na Mapagkukunan, sinipi mula sa mga sumusunod na seksyon:
  - 3.7.6, Mga Paraan para sa Pagsusuri ng mga Epekto
  - 3.7.7, Apektadong Kapaligiran
  - 3.7.8, Ang mga Kinahinatnan sa Kapaligiran, partikular na ang mga sumusunod na epekto ay ini-update o idinagdag:
    - Epekto BIO#2b: Permanenteng Pagbabago o Pagkasira ng Tirahan ng mga Hayop at Halaman at Pagkamatay ng Monarch Butterfly
    - Epekto BIO#13: Paminsan-minsang Pagkagambala sa Tirahan ng mga Hayop at Halaman para sa at Direktang Pagkamatay ng Buhay-Ilang na may Espesyal na Katayuan sa Panahon ng mga Operasyon
    - Epekto BIO#25: Permanenteng Pagkagambala sa Paggalaw ng Buhay-Ilang
  - 3.7.9, Ang mga Hakbang sa Pagpapahupa, partikular na ang mga sumusunod na hakbang sa pagpapahupa ay ini-update o idinagdag:
    - BIO-MM#1: Ihanda at Ipatupad ang Plano ng Pagpapanumbalik at Muling Paglalagay ng Halaman
    - BIO-MM#40: Iwasan ang mga Direktang Epekto sa mga Nakalistang Halamang Nagbibigay ng Tirahan sa Paru-paro
    - BIO-MM#41: Magbigay ng Kompensatoryong Pagpapahupa para sa mga Epekto sa Tirahan ng Monarch Butterfly
  - 3.7.10, Buod ng Epekto para sa Paghahambing ng mga Alternatibo ng NEPA
  - 3.7.11, Mga Kongklusyon ng CEQA sa Kahalagahan
- Seksyon 3.18, Ang mga Naiipong Epekto, partikular na ang mga sinipi mula sa mga sumusunod na seksyon ay ini-update:
  - 3.18.6.6, mga Biyolohikal at Pandagat na Mapagkukunan
- Seksyon 3.20, Uri ng Disenyo sa Plano ng Pagbabawas ng Lugar sa Millbrae Station, na naglalaman ng ganap na binagong nilalaman:
  - 3.20.1, Layunin
  - 3.20.2, Paglalarawan sa Uri ng Disenyo sa Plano ng Pagbabawas ng Lugar sa Millbrae Station

---

tumutukoy sa nga regulasyon noong 1978, alinsunod sa 40 C.F.R. Seksyon 1506.13 (2020) at sa preambulo sa 85 *Federal na Rehistro* 43340.

- 3.20.3, Baseline sa Kapaligiran para sa mga Pagsusuri sa Uri ng Disenyo sa Plano ng Pagbabawas ng Lugar sa Millbrae Station
- 3.20.4, Mga Epekto sa Kapaligiran ng Uri ng Disenyo sa Plano ng Pagbabawas ng Lugar sa Millbrae Station at Paghahambing sa Disenyo ng Millbrae Station
- Chapter 12, Ang mga sanggunian, partikular na ang mga bagong sanggunian ay idinagdag para sa mga sumusunod na seksyon:
  - Seksyon 3.7, mga Biyolohikal at Pandagat na Mapagkukunan
  - Seksyon 3.20, Uri ng Disenyo sa Plano ng Pagbabawas ng Lugar sa Millbrae Station
  - Apendise 3.7-A, Species na may Espesyal na Katayuan na Potensyal na Naapektuhan
- Apendise 3.7-A, Species na may Espesyal na Katayuan na Potensyal na Naapektuhan
- Apendise 3.7-B, Siyentipikong Pangalan

Pinag-aralan ng Authority ang ibang mga seksyon ng Draft na EIR/EIS at natagpuan na, batay sa pananaliksik at pagrerepaso sa ebidensya, na walang iba pang malalaking pagbabago ang kakailanganin para sa Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS na ito. Ang lahat ng iba pang apendise sa Seksyon 3.7, pati na rin ang lahat ng teknikal na ulat na sumusuporta sa Seksyon 3.7 ng Draft na EIR/EIS, ay nananatiling hindi magbabago.

## 2 Paglalathala sa Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS

---

Alinsunod sa mga iniaatas ng CEQA at NEPA, ang Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS na ito ay inilalabas para sa pinakamababang 45-araw na panahon ng pag-aaral at pagkokomento ng publiko. Magbibigay rin ang Authority ng abiso sa katulad na paraan gaya ng mga pamamahagi ng Draft na EIR/EIS sa mga may-ari ng ari-arian at/o umookupa, stakeholder, at iba pang mga interesadong partido. Ang mga abiso ay ilalathala sa mga parehong pahayagan na gaya ng mga abiso para sa mga pamamahagi ng Draft na EIR/EIS, kabilang ang apat na pahayagang nasa wikang Ingles at isa sa bawat sumusunod na pahayagan sa wika: Espanyol, Vietnamese, at Mandarin.

## 3 Mga Susunod na Hakbang

---

Tinatanggap ng Authority ang mga komento sa nilalaman ng Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS na ito. Ang panahon ng pagrerepaso ng publiko ay magsisimula sa **Hulyo 23, 2021**, at magtatapos sa **Setyembre 8, 2021**. Mangyaring tingnan ang Abiso ng Pagkakaroon para sa Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS para sa mga detalye sa kung paano magkomento.

Ang Draft na EIR/EIS ay makikita sa website ng Authority ([www.hsr.ca.gov](http://www.hsr.ca.gov)). Ang mga elektronikong kopya ng Baitang 1 ng mga EIR/EIS ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa Authority sa (800) 435-8670 at maaari ring makita, sa naka-print at/o elektronikong pormat, sa mga oras ng tanggapan sa Northern California Regional Office ng Authority sa 100 Paseo de San Antonio, Suite 300, San Jose, CA 95113 at sa Punong Tanggapan ng Authority sa 770 L Street, Suite 620 MS-1, Sacramento, CA 95814. Ang mga dokumentong ito ay kasalukuyang hindi bahagi ng proseso ng pagrerepaso at pagkokomento ng publiko; ngunit, ang mga ito ay makukuha para repasuhin at masanggunian. Maaaring binawasan ng mga tanggapan ng Authority ang mga bukas na araw/oras, gaya ng iniaatas sa mga direktiba sa pampublikong kalusugan at kaligtasan sa panahon ng coronavirus. Mangyaring kumonsulta sa [www.hsr.ca.gov](http://www.hsr.ca.gov) para sa bagong impormasyon. Ang Authority ay hindi nagdidiskrimina batay sa kapansanan at, kung hihilingin, ay magbibigay ng makatwirang akomodasyon upang matiyak ang pantay-pantay na access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito. Ang mga taong may mga kapansanan sa pandamdang ay maaaring makipag-ugnay sa Authority sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng website ng Authority para humiling ng suporta sa aksesibilidad.

Magiging kabilang sa Pinal na EIR/EIS ang mga sagot ng Authority sa mga komentong natanggap sa dating ipinamahaging Draft na EIR/EIS, bukod sa mga sagot sa mga komentong natanggap sa Nirebisa/Suplementong Draft na EIR/EIS na ito. Inaasahan ng Authority na ilathala ang Pinal na EIR/EIS sa panahon ng Taglagas ng 2022. Ang mga bagong hakbang sa pagpapahupa na kasama sa Seksyon 3.7 ay isasama sa Mitigation Monitoring and Enforcement Plan (Plano ng Pagsubaybay at Pagpapatupad ng Pagpapahupa bilang bahagi ng mga dokumento sa desisyon ng CEQA/NEPA. Pagkatapos ilathala

ang Pinal na EIR/EIS, isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ng Authority kung sesertipikahin ang Pinal na EIR at aaprubahan ang Mas Ninanais na Alternatibo alinsunod sa CEQA. Bukod dito, isasaalang-alang din ng Authority, bilang namumunong ahensya ng NEPA, kung ilalabas ang Rekord ng Desisyon na mag-aapruba sa Mas Ninanais na Alternatibo.